Pangalan:______________________________ Linggo: ____________
Baitang&Pangkat:______________________ Petsa: ____________

# SANAYANG PAPEL #2 PAKSA: Paikot na Daloy ng Ekonomiya

## GABAY


**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Naipaliliwanag ang bahaging ginagampanan ng mga bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:
1. nailalarawan ang mga modelo ng pambansang ekonomiya;
2. nakagagawa ng collage gamit ang mga recyclable na materyales na nagpapakita ng dayagram sa paikot na daloy ng ekonomiya; at
3. napahahalagahan ang mga bahaging ginagampanan ng bawat sektor sa paikot na daloy ng ekonomiya.

## ENGGANYO

### MGA MODELO NG PAMBANSANG EKONOMIYA

**Unang Modelo: Simpleng Ekonomiya**
- Ang lumilikha ng produkto ay siya ring konsyumer.
- Ang suplay ng bahay-kalakal ay demand nito kapag kabilang na ito sa sambahayan.




**Ikalawang Modelo: Sistema ng Pamilihan**
- Ang sambahayan at bahay-kalakal ang mgapangunahing sektor dito.
- Sila ay binubuo ng iba't ibang aktor.
    - Magkaiba ang sambahayan at bahay-kalakal.

**Ikatlong Modelo: Pananalapi (Pamilihang Pinansiyal)**

- Isinasaalang-alang ng sambahayan at bahay-kalakal ang kanilang mga desisyon sa panghinaharap.
- Hindi ginagamit ng sambahayan ang lahat ng kita para sa pamimili.

**Ikaapat na Modelo: Pamahalaan**


- Ang pamahalaan ay lumalahok sa sistema ng pamilihan.
- Pagbabayad ng buwis ang karagdagang gawain sa ekonomiya na ginagamit ng pamahalaan upang makalikha ng pampublikong paglilingkod.

**ANG PAMAHALAAN AT PAMILIHAN PINANSIYAL, SALIK NG PRODUKSIYON, KALAKAL AT PAGLILINGKOD**

*Sources: Kayamanan ni Imperial, Antonio, et. Al, Ekonomiks –Araling Panlipunan Modyul ng Mag-aaral*

**Ikalimang Modelo: Panlabas na Sektor**

- Sa modelong ito, ang pambansang ekonomiya ay bukas at may kalakalang panlabas.
- Ang kalakalang panlabas ay ang nakikipagpalitan ng produkto at salik ng pambansang ekonomiya sa mga dayuhang ekonomiya.
- Ang pangangailangan sa pinagkukunang yaman ay isang basehansa pakikipgkalakalan.




*Sources: Kayamanan ni Imperial, Antonio, et. Al, Ekonomiks –Araling Panlipunan Modyul ng Mag-aaral*

## TALAB

**Panuto:** Suriin at tukuyin kung anong modelo ang inilalarawan ng mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

________1. Pamimili at paglikha ng produkto, pag-iimpok (savings) at pamumuhunan (investments) ang mahalagang gawaing pang-ekonomiya.

________2. Ang kita ng pambasang ekonomiya ay maitatakda ng kabuuang gastusin ng sambahayan, bahay-kalakal at pamahalaan.

________3. Basehan sa pakikipagkalakalan ang pangangailangan sa pinagkukunang yaman.

________4. Ang sambahayan at bahay-kalakal ay iisa lamang.

________5. Magkaiba ang sambahayan sa bahay-kalakal at may dalawang uri dito ng pamilihan

## RUBDOB

**Panuto:** Batay sa pagiging epektibo sa pagganap ng kanilang gawain at tungkulin sa kabalansehan ng ekonomiya, bigyan ng grado ang mga sektor na may kaugnayan sa paikot na daloy ng ekonomiya mula 100% na pinakamataas at 70% na pinakamababa. Matapos bigyan ng grado ay isulat ang paliwanag bakit ito ang iyong napiling grado.

| Sektor sa Paikot na Daloy ng Ekonomiya | Grado | Paliwanag |
|---|---|---|
| 1. Sambahayan | | |
| 2. Bahay-Kalakal | | |
| 3. Pamahalaan | | |
| 4. Panlabas na Sektor | | |
| 5. Institusyon ng pananalapi | | |

## IRAL

**Panuto:** Gamit ang mga materyales na maaaring gamitin muli (recyclable). Gumawa ng Collage na nagpapakita ng Dayagram ng Paikot na Daloy ng Ekonomiya. Isaalang-alang sa paggawa ang rubriks sa pagmamarka sa ibaba.

**Rubriks sa Pagmamarka**

| KATEGORYA | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Naipapakita ang lahat ng sektor na bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya at ang tungkuling ginagampanan ng bawat isa. | Naipapakita ang ilan sa mga sektor na bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya at ang ilan sa mga tungkuling ginagampanan ng bawat isa. | Hindi naipapakita ang mga sektor na bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya at hindi rin naipakikita ang mga tungkuling ginagampanan ng bawat isa. |
| **Kaangkupan ng Konsepto** | Lubhang angkop ang konsepto at maaaring magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Angkop ang konsepto at maaaring magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Hindi angkop ang konsepto at hindi maaaring magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. |
| **Pagkamalikhain** | Gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay at recycled na materyales upang ipahayag ang nilalaman at mensahe. | Gumamit ng bahagyang kombinasyon ng kulay at recycled na materyales upang ipahayag ang nilalaman at mensahe. | Hindi gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay at recycled na materyales upang ipahayag ang nilalaman at mensahe. |
| **Kalinisan** | Malinis na malinis ang pagkakagawa sa collage. | Malinis ang pagkakagawa sa collage. | Hindi gaanong malinis ang pagkakagawa sa collage. |

*References:*
https://billyjawboiles.wordpress.com/2015/11/06/mga-modelo-ng-paikot-na-daloy-ng-ekonomiya/
DepEd Learning Portal
Araling Panlipunan 9 EkonomiksModyul ng Mag-aaral
Kayamanan (Ekonomiks): Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan

Image retrieved:
https://pt.slideshare.net/kazekage15/makroekonomiks-at-ang-paikot-na-daloy-ng-ekonomiya/23?smtNoRedir=1

**TEACHER'S FEEDBACK**

___________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ______________

Baitang&Pangkat: __________________________ Asignatura: ___________

| **Para sa Mag-aaral(*Tapusin ang mgapangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapanakongunawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaanakongunawain at gawin / sgutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulongupanglalongmaunawaan ang …. | |

| **Para samagulanG(*Lagyan ng tsek ang inyongsagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng akinganak ang mgapagsasanay … | | Ang akinganak ay … | |
| | nangsiyalamang mag-isa, walangtumulong | | nasagutan ang lahat ng mgapagsasanay |
| | na may kauntingtulongsa pagsasagotmulasaiba | | nasagutan angibangpagsasanay at ang iba ay hindi |
| | namaraminghininingingtulongsapagsasagotmulasaiba | | hindinasagutan ang lahat ng pagsasanaydahilmasyadongmahirap |